THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#563 ABRIL 01-15, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Ikalimang taon ng Filipino Restaurant Month sa Canada ilulunsad sa Abril

## *Handa ka na ba mabusog, kabayan?*

Ang Embahada ng Pilipinas at ang mga Consulate General sa Canada ilulunsad ang ikalimang edisyon ng Filipino Restaurant Month sa Canada (FRMC).

Ang FRMC 2026 patuloy na pino-promote ang pagiging mainstream ng pagkaing Pilipino sa buong Canada sa pamamagitan ng pag-highlight ng diversity at uniqueness ng mga lutuing Pilipino at mga sangkap nito, ang pagkadalubhasa ng mga Pilipinong chef at ang lumalaking presensya ng mga restawran na nag-aalok ng pagkaing Pilipino sa buong bansa.

Abangan ang launch at bisitahin ang ***https://www.facebook. com/FilipinoRestaurantMonthCA*** Para sa mas maraming impormasyon.

**Sa Ottawa, inihanda ng Embahada ang sumusunod na aktibidad:**

- Partisipasyon sa Y Embassy Chef Showcase sa Abril 15, 2026 sa Horticulture Build ing, Lansdowne Park, tampok si Executive Chef David Vinoya.
- Isang culinary demonstration ng isang Filipino chef sa Abril 18, 2026, sa pakiki pagtulungan sa Le Cordon Bleu Culinary Arts Institute, ang tanging North American campus ng Le Cordon Bleu.
- Isang town hall meeting sa Abril 30, 2026 tampok ang Filipino food at culinary discussions.




**Layunin ng mga aktibidad na ito na palakasin ang pagtangkilik ng publiko sa Filipino culinary heritage, suportahan ang Filipino food producers at creative industries at iposisyon ang pagkaing Pilipino sa loob ng mas malawak na cultural landscape ng Canada.**

**Iniimbitahan ng Embahada ng Pilipinas ang lahat na makiisa sa pagdiriwang ng mayaman at diverse flavours ng lutong Pinoy sa buong bansa.**

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Canada nag-propose ng $1.7B na pondo para pababain ang gastos sa pagtatayo ng bahay

***Ang pederal na pondo ay para pabilisin ang pagtatayo ng mga bahay***



*Minister of Finance and National Revenue François-Philippe Champagne at Housing Minister Gregor Robertson isinagawa ang anunsyo*

Pino-propose ng pederal na gobyerno ang $1.7 bilyon na pondo upang tulungan ang mga probinsya at teritoryo na pababain ang gastos sa pagtatayo ng bahay.

Ang pederal na pondo ay inilaan upang matulungan ang mga probinsya na bawasan ang development fees o iba pang mga buwis sa bagong bahay upang mapabilis ang pace ng construction sa Canada.

Ang pera ay maaari ring gamitin upang palakasin ang productivity sa construction at bawasan ang internal trade barriers sa pagitan ng mga probinsya at teritoryo para makatulong sa pagtatayo ng mas maraming bahay.


Inanunsyo nina Finance Minister François-Philippe Champagne at Housing Minister Gregor Robertson ang spending plan noong Huwebes sa Parliament Hill.

Habang ang Liberal na gobyerno ni Prime Minister Mark Carney ay nagtakda ng isang ambisyosong layunin na doblehin ang bilis ng pagtatayo ng bahay sa Canada, ang halo-halong mga regulasyon, zoning restrictions at iba pang hadlang sa hurisdiksyon ng probinsya at munisipalidad ay naging balakid sa pagpapalawak ng construction.

Ang bagong pondo ay nakadepende sa pagpasa ng lehislasyon ng mga Liberal sa House of Commons at ito ay dumating isang araw matapos ianunsyo ng Ontario na ang probinsya ay nakikipagtulungan sa Canada upang pansamantalang tanggalin ang harmonized sales tax mula sa ilang bagong tayo na mga bahay sa loob ng isang taon.

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Pacquiao-Mayweather 2 exhibition lang

**MANILA, Philippines** — Isang exhibition lamang ang rematch nina eight-division world champion Manny Pacquiao at undefeated American fighter Floyd Mayweather Jr. sa Setyembre 19.

Ito ang mismong inihayag ni Mayweather kahapon sa isang video na inilabas ng Vegas Sports Today.

Nauna nang inihayag na sa Sphere sa Las Vegas, Nevada ito gaganapin.

Ngunit sinabi ni Mayweather na wala pa itong alam kung saan eksaktong venue idaraos ang rematch.

"As of right now, we don't know exactly where the fight is going to be at. The Sphere is one of the places that they've talked about, so we don't know if it's 100% going to be there," ani Mayweather.

Kung exhibition lamang ang laban nina Pacquiao at Mayweather, hindi ito magiging official count sa rekord ng dalawa.


Kaya naman kung matatalo ni Pacquiao si Mayweather sa kanilang rematch, hindi mababahiran ang rekord ng American fighter na kasalukuyang may 50-0 marka.

Maliban sa Pacquiao rematch, meron ding nakalinyang exhibition matches si Mayweather.

Una na ang exhibition nito kay dating heavyweight champion Mike Tyson sa Abril at ang isa pa laban kay kickboxer Mike Zambidis na gaganapin naman sa Greece.

"If I'm just sitting at home and I'm working out every day and spending time with my grandson and spending time with my children, I said why not go out and have little fun and entertain the public with some exhibitions?" ani Mayweather.

Ito ang unang paghaharap nina Pacquiao at Mayweather matapos ang mahigit isang dekada.







# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Kapalmuks at hilig magpalibre si Bato; Iran ibinabala petrolyo sisirit sa $200 per barrel; PBBM binigyan ng 'Emergency powers' ng Kamara sa tapyas excise tax; 8 sa 'maleta boys' hindi tauhan ni Zaldy Co – NBI; Maleta boys' may cash delivery noong Duterte admin- Omb Remulla; Zaldy Co hindi basta makukuha sa Portugal – PBBM

**********

Bad trip na talaga mga Pinoy ke Senador Bato dela Rosa, kahit na siguro mga DDS, dahil sa sobrang laki na ng kasalanan nito sa kanila at sa bayan biruin nyong patuloy na kinukuha ang sweldo kahit higit 3 buwan ng di pumapasok sa Senado at gusto pang magbakasyon sa Baguio kasama pamilya at gagamitin ang Senate Mansion mula Marso 26-29, 2026 ng LIBRE!

**Nakngdragon, Boss RollyCab! Kapal talaga fez ni Bato?!?**

********

Hilig lang talaga, siguro, ni Bato magpa-libre dahil kahit na nuong kasikatan pa ni dating Senador Manny Pacquiao, nagpalibre na rin si Bato ng biyahe sa US para manood ng laban ng Pambansang Kamao, at mula sa tiket sa eroplano, hotel accommodation at ringside ticket, sinagot ni Pacman. Kaya't huwag ng magtaka kung...

***Ganuon kakapal ang Bato, at grabe bait ni Lodi Manny P!***

********

Mantakin nyo namang higit kumulang sa P300,000 ang sahod ni Bato kada buwan plus milyon sa allowances kahit hindi naman pumapasok sa Senado at staff lang niya nagta-trabaho, talagang mapapa-sana all na lang ang mga karaniwang worker. At kasama buong pamilya ay...

**Gusto pang magpalibre bakasyon sa Baguio City! Namannn**

********

Sisirit umano taas-presyo ng langis sa buong mundo sa $200 per barrel ayon sa pahayag ni Ebrahim Zolfaqari, tagapagsalita ng Iranian military command, na ang pinatutungkulan ay ang Estados Unidos.

**Langis pantapat ng Iran vs US-Israel missiles? Epektibo!**

********

Nagpapatuloy ang Iran sa pagbomba sa mga target nito sa Israel at iba pang lugar sa Gitnang Silangan at hinarangan para hindi pa rin madaanan ang Strait of Hormuz kaya't putol ang halos 20% ng supply ng langis sa buong mundo. Ang tanong nga ay kung ...

**Kakasa Iran pag dumating sa Tehran libong Marines ng US?**

********

Inaprubahan ng Kamara sa ikalawang pagbasa ang panukala upang pahintulutan si PBBM na pansamantalang isuspinde o bawasan ang excise tax sa langis upang maibsan ang epekto ng oil price hike sa transportasyon, pagkain at mga gastusin sa bahay.

**Dapat lang bigyan agad-agad 'emergency power' si PBBM. .**

********

Kinumpirma ng ICC Appeals Chamber ang desisyon ng Pre-Trial Chamber I na panatilihin sa kulungan si dating Pangulong Digong Duterte matapos ibasura ang lahat ng argumento ng depensa pati na ang basehan ng apela sa kabuuan. Sa madaling salita, matutuloy trial ni Digong at....

**Di na uuwi sa Pinas si DU30. Samahan nyo na Bato, BongGo.**

********

Ibinunyag ni Ombudsman Boying Remulla na ayon sa intelligence report, isa sa mga larawan na isinumite ng 18 "ex-Marines" ay nangyari noong panahon ni dating House Speaker Lord Allan Velasco na nagsilbi bilang speaker ng 18th Congress noong panahon ni dating Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte. Ibig bang sabihin...

**DDS itong '18 ex-marines' na 'inilabas' nina Baligod at MikeD?**

********

Isiniwalat ng NBI na hindi lahat ng 18 dating Marines na nagde-deliver umano ng male-maletang cash ay tauhan ni dating Ako Bicol Party-list Rep. Zaldy Co at sa 18 na 'yon, walo ay hindi naka-assign kay Zaldy Co ani NBI Director Melvin Matibag. At...

**Di nasama si Co kahit kenino sa 18 sa delivery daw ng maleta.**

********

Kinumpirma ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na kasalukuyan pang nasa Portugal ang puganteng si dating Cong. Zaldy Co at aminado ang Pangulo na hindi basta-basta ang pagpapauwi kay Co kahit may warrant of arrest na inilabas ang korte kaugnay ng umano'y substandard na flood control project sa Oriental Mindoro...

**Tulong ng Portugal at Interpol kailangan para maaresto si Co.**

********

Nanindigan si Ombudsman Boying Remulla na hindi dapat nakialam ang Supreme Court sa patakaran ng Kamara de Representantes patungkol sa

impeachment complaint laban kay VP Sara Duterte noong nakaraang taon dahil sa paglabag sa one-year bar rule, na tuwirang bumago sa patakaran ng Kongreso sa calendar days at session days...

**Kanya-kanyang patakaran dapat ang SC at Kamara ani Boying.**

********

"Sabi ng Constitution you make your own procedure eh bakit nila pakikialam 'yun?" ani pa Omb Remulla, at dugtong pa niya: 'Yung House ba puwedeng mag-legislate ng Rules of Court? Hindi nila gagawin 'yun, dahil sabi ng Constitution, ang Supreme Court ang gagawa ng rules nila. Eh dapat dito pabayaan nila ang rules ng House. Bakit nila pakikialaman, maling-mali 'yun," diin pa niya.

**Oo nga Po, hano Po? Say nyo Po, mga kababayan ko???**

********

Umaabot sa 16 abogado ang magtatanggol kay VP Sara Duterte sa impeachment proceedings ng House Committee on Justice at 11 dito ay mula sa Fortun Narvasa & Salaza law firm.

**Huwaw! Bigtime lawyers na House proceedings pa lang huh!**

********

Pormal nang inutusan ng House Committee on Justice si VP Sara Duterte na sagutin sa loob ng 10 araw ang dalawang beripikadong impeachment complaint na nakitaan ng ***"sufficient in form and substance".***

**Gumagapang na impeachment case ni Inday Sara. Subaybayan.**

********

Inaakusahan si VP Sara Duterte ng betrayal of public trust, paglabag sa Konstitusyon, maling paggamit umano ng P612.5 milyon na confidential fund, at pagbabanta na papatayin si Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. at First Lady Liza. Natanggap na ng legal counsel ni VP Duterte ang notice, kaya't...

**Umpisa na ng legal teleserye nina Inday, Mary Grace Piattos at iba pa.**

********

Hindi tinanggap ng aktres na si Anne Curtis ang non-apology na apology ni QC Cong. Bong Suntay pero tinanggap niya ang pagso-sorry ng misis ni Suntay upang hindi sila makasama sa usapan pati na rin ang mga anak nito. At sa palagay ko ay may paglalagyan ang Kongresman ng Kyusi dahil pakiramdam ko ay...

**Kakasuhan ni Ms. Curtis si Cong Suntay ng Anti-Bastos cases.** *

*******

Kinilala ng Forbes si infrastructure at casino tycoon Enrique Razon na pinakamayaman sa Pilipinas. Si Razon ang chairman at CEO ng International Container Terminal Services Inc., Bloomberry Resorts Inc, Manila Water at Malampaya Project, at...

**Si Enrique Razon ay may net worth na $16.5 bilyon.**

********

Pumangalawa sa pinakamayaman si Ramon Ang ng San Miguel Corp. sa net worth na $3.6 bilyon at pangatlo naman si tobacco at airline magnate Lucio Tan sa net worth na $3.5 bilyon, at bumagsak sa pang-apat na lamang si...

**Dating No. 1 Manny Villlar na may net worth na $3.1-B.**

********

Isinumite ko na nitong March 4 sa Philippine Sports Commission ang aking ginawang Nomination Forms for Inclusion to the Philippine Sports Hall of Fame (HoF) ng kilalang Fortaleza Brothers - Ricardo, Rene (RIP), Reynaldo at Rogelio (RIP) - who represented the Philippines in many international boxing competitions that included the Olympics, Asian Games, World Championships, SEA Games among other big regional slugfests where the famed brothers proudly carried the country's tri-color to the podium with glowing medals of different colors in their chests. With years of dedicated service to Philppine sports, amatuer boxing in particular...

**The Fortaleza Brothers deserve to be Inducted to the HoF 2026.**

********

## SHORT ORDER:

Happiest birthday greetings to our Comadreng Armi Budomo Bersamin (March 16) of Camiling, Tarlac & San Diego, California, from Kumareng Frances, Inaanak Mabel, niece Yeng & Datol Family of Toronto... Happy birthday (March 12) to SAA Batch 71 classmate Gloria Galang of Brgy Langla, Jaen, NE...Happiest birthday wishes to Mabel Adajar Cerezo (March 12) of Whitby, ON...Happy birthday (March 14) to Anne Cruz of Toronto, wifey to pards Johnny meyn Agustin ... Shout out to Pards Romeo Paas & Family of Surrey, BC..Greetings too, to Pareng Romy Patricio & Family, also of Surrey, BC... Salamuch Po sa suporta rito sa ating PANT ... ***God Bless.***

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.


At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Bakit Namatay si Jesus?

Bakit Namatay si Jesus?
Ang sagot ng Bibliya

Namatay si Jesus upang mapatawad ang mga kasalanan ng mga tao at magkaroon sila ng buhay na walang hanggan. (Roma 6:23; Efeso 1:7) Pinatunayan din ng kamatayan ni Jesus na maaaring manatiling tapat sa Diyos ang isang tao kahit sa harap ng pinakamatinding pagsubok.—Hebreo 4:15.

Pag-isipan kung paanong ang kamatayan ng isang tao ay maaaring magdulot ng maraming pakinabang.

Namatay si Jesus "para mapatawad ang mga kasalanan natin."—Colosas 1:14.

Ang unang tao, si Adan, ay nilalang na perpekto at walang kasalanan. Pero pinili niyang sumuway sa utos ng Diyos. Napakalaki ng naging epekto ng pagsuway, o kasalanan, ni Adan sa lahat ng kaniyang inapo. Ipinaliwanag ito ng Bibliya: "Sa pagsuway ng isang tao, marami ang naging makasalanan."—Roma 5:19.

Perpekto rin si Jesus, pero hindi siya kailanman nagkasala. Kaya naman maaari siyang maging "handog na pambayad-sala para sa mga kasalanan natin." (1 Juan 2:2; talababa) Nagdulot ng kasalanan sa pamilya ng tao ang pagsuway ni Adan, pero inalis ng kamatayan ni Jesus ang mantsa ng kasalanan mula sa lahat ng nananampalataya sa kaniya.

Sa ibang pananalita, ipinagbili ni Adan ang sangkatauhan sa kasalanan, pero tinubos ito ni Jesus sa pamamagitan ng kusang-loob na pagbibigay ng kaniyang buhay para sa atin. Bilang resulta, "kung magkasala ang sinuman, may katulong tayo na kasama ng Ama, ang matuwid na si Jesu-Kristo."—1 Juan 2:1.

Namatay si Jesus "para ang bawat isa na nananampalataya sa kaniya ay hindi mapuksa kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."—Juan 3:16.


Si Adan ay nilalang para mabuhay magpakailanman, pero namatay siya bilang parusa sa kaniyang pagkakasala. Sa pamamagitan ni Adan, "ang kasalanan ay pumasok sa sangkatauhan at dahil sa kasalanan ay pumasok ang kamatayan, kaya naman ang kamatayan ay lumaganap sa lahat ng tao, dahil silang lahat ay nagkasala."—Roma 5:12.

Sa kabaligtaran, inalis ng kamatayan ni Jesus hindi lang ang mantsa ng kasalanan kundi pati ang sentensiyang kamatayan para sa lahat ng nananampalataya sa kaniya. Ganito ang paliwanag ng Bibliya: "Kung paanong naghari ang kasalanan kasama ng kamatayan, [makakapaghari] din ang walang-kapantay na kabaitan nang may katuwiran at [mabubuksan] ang daan tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Kristo na ating Panginoon."—Roma 5:21.

Limitado pa rin ang haba ng buhay ng tao sa ngayon. Pero nangangako ang Diyos na pagkakalooban niya ng buhay na walang hanggan ang mga taong matuwid at bubuhayin niyang muli ang mga patay upang sila rin ay makinabang sa sakripisyong kamatayan ni Jesus.—Awit 37:29; 1 Corinto 15:22.

Si Jesus ay "naging masunurin hanggang kamatayan," sa gayon ay pinatunayan niya na maaaring maging tapat sa Diyos ang isang tao sa ilalim ng anumang pagsubok.—Filipos 2:8.

Kahit perpekto ang isip at katawan ni Adan, sinuway niya ang Diyos dahil naging makasarili siya at ninasa niya ang isang bagay na hindi para sa kaniya. (Genesis 2:16, 17; 3:6) Nang maglaon, ipinahiwatig ng pangunahing kaaway ng Diyos, si Satanas, na sumusunod lang ang mga tao sa Diyos para sa pansariling pakinabang, at hindi sila susunod lalo na kung nanganganib ang kanilang buhay. (Job 2:4) Pero ang perpektong taong si Jesus ay naging masunurin sa Diyos at nanatiling tapat sa Kaniya, kahit kinailangan niyang dumanas ng kahiya-hiya at napakasakit na kamatayan. (Hebreo 7:26) Lubusan nitong nilutas ang isyu: Maaaring manatiling tapat sa Diyos ang tao sa ilalim ng anumang pagsubok.



Si Jesus sa pahirapang tulos sa pagitan ng dalawang magnanakaw
Mga tanong tungkol sa kamatayan ni Jesus

Bakit kinailangang magdusa at mamatay si Jesus para matubos ang mga tao? Bakit hindi na lang kinansela ng Diyos ang sentensiyang kamatayan?

Sinasabi ng batas ng Diyos na "ang kabayaran para sa kasalanan ay kamatayan." (Roma 6:23) Sa halip na ilihim kay Adan ang batas na ito, sinabi ng Diyos sa kaniya na ang parusa sa pagsuway ay kamatayan. (Genesis 3:3) Nang magkasala si Adan, tinupad ng Diyos, "na hindi makapagsisinungaling," ang kaniyang salita. (Tito 1:2) Ipinamana ni Adan sa kaniyang mga inapo hindi lang ang kasalanan kundi pati ang kabayaran ng kasalanan—ang kamatayan.

Bagaman karapat-dapat sa parusang kamatayan ang makasalanang mga tao, ipinakita ng Diyos sa kanila ang "kasaganaan ng walang-kapantay na kabaitan" niya. (Efeso 1:7) Ang paglalaan niya para tubusin ang sangkatauhan—ang pagsusugo kay Jesus bilang isang perpektong hain—ay lubhang makatarungan at napakamaawain.

Kailan namatay si Jesus?



Namatay si Jesus nang "ikasiyam na oras" mula sa pagsikat ng araw, o mga alas-tres ng hapon noong Paskuwa ng mga Judio. (Marcos 15:33-37) Pumapatak ito ng Biyernes, Abril 1, 33 C.E., sa makabagong mga kalendaryo.

Saan namatay si Jesus?

Pinatay si Jesus sa "tinatawag na Golgota sa Hebreo, na ang ibig sabihin ay Bungo." (Juan 19:17, 18) Ito ay nasa "labas ng pintuang-daan" ng Jerusalem noong panahon ni Jesus. (Hebreo 13:12) Maaaring ito ay nasa isang burol, dahil sinasabi ng Bibliya na namasdan ng ilan ang pagpatay kay Jesus "mula sa malayo." (Marcos 15:40) Pero hindi na matiyak sa ngayon ang lokasyon ng Golgota.

Paano namatay si Jesus?

Marami ang naniniwala na si Jesus ay ipinako sa krus, pero sinasabi ng Bibliya: "Pinasan niya ang ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa punongkahoy." (1 Pedro 2:24, King James Version) Dalawang salitang Griego ang ginamit ng mga manunulat ng Bibliya para tumukoy sa instrumentong ginamit sa pagpatay kay Jesus—stau·ros' at xy' lon. Sinasabi ng maraming iskolar na ang mga salitang ito ay tumutukoy sa isang tulos o poste na gawa sa isang piraso ng kahoy.

Paano dapat alalahanin ang kamatayan ni Jesus?

Noong gabi ng taunang Paskuwa ng mga Judio, pinasimulan ni Jesus ang isang simpleng seremonya kasama ang kaniyang mga tagasunod at inutusan niya sila: "Patuloy ninyong gawin ito bilang pag-alaala sa akin." (1 Corinto 11:24) Di-nagtagal, pinatay na si Jesus.

Inihambing ng mga manunulat ng Bibliya si Jesus sa korderong inihahain tuwing araw ng Paskuwa. (1 Corinto 5:7) Kung paanong ipinaalaala ng pagdiriwang ng Paskuwa sa mga Israelita na pinalaya sila mula sa pagkaalipin, ang Memoryal ng kamatayan ni Jesu-Kristo ay nagpapaalaala naman sa mga Kristiyano na pinalaya sila mula sa kasalanan at kamatayan. Ang Paskuwa, na idinaos tuwing Nisan 14 ayon sa kalendaryong lunar, ay ipinagdiwang nang minsan sa isang taon; ipinagdiwang din ng unang mga Kristiyano ang Memoryal minsan sa isang taon.

Taon-taon, sa petsang katumbas ng Nisan 14, inaalaala ng milyon-milyong tao sa buong daigdig ang kamatayan ni Jesus.

# Do Scholars Believe That Jesus Existed?

***Scholars have a solid basis for believing that Jesus existed. Regarding the references made by first- and second-century historians to Jesus and the early Christians, the Encyclopædia Britannica, 2002 Edition, says: "These independent accounts prove that in ancient times even the opponents of Christianity never doubted the historicity of Jesus, which was disputed for the first time and on inadequate grounds at the end of the 18th, during the 19th, and at the beginning of the 20th centuries."***



## MATUTO SA MGA TURO NI JESUS

# Hindi Solusyon ang Karahasan

Parami nang parami ang naniniwala na karahasan ang solusyon sa mga alitan o problema. Pero kabaligtaran iyan ng mga turo at halimbawa ni Jesu-Kristo. Tingnan ang ilan sa mga sinabi at ginawa niya.

### Ang sinabi ni Jesus

Sa kilalang Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesus na hindi solusyon sa di-pagkakaunawaan ang galit at karahasan. Tingnan ang ilang halimbawa.

- **"Lahat ng gusto ninyong gawin ng mga tao sa inyo, iyon din ang gawin ninyo sa kanila."** (Mateo 7:12; Lucas 6:31) Ang payong ito ay madalas na tawaging Gintong Tuntunin. a Itinuturo nito sa atin na dapat nating pakitunguhan ang iba kung paanong gusto nating pakitunguhan tayo ng iba. Dahil walang may gusto na pakitunguhan sila nang may karahasan, dapat nating pakitunguhan ang lahat nang may respeto at kabaitan, kahit pa hindi natin sila kasundo.
- **"Sinumang sumampal sa kanang pisngi mo, iharap mo rin ang kabila."** (Mateo 5:38, 39; Lucas 6:29) Hindi itinuturo ni Jesus na kusa tayong magpapaapi sa iba. Itinatama niya lang ang maling ideya na posibleng itinuturo ng ilang relihiyosong lider—ang ideya na walang mali sa pagganti. Sinabi niya sa mga tagasunod niya na imbes na gumanti, dapat maging kalmado kapag ginawan ng mali. b
- **"Patuloy na mahalin ang inyong mga kaaway."** (Mateo 5:43, 44; Lucas 6:27) Itinuro sa atin ni Jesus na dapat tayong maging mabait sa mga nagagalit o gumagawa ng mali sa atin. Hindi nito ibig sabihin na dapat nating kunsintihin ang mga maling paggawi nila. c Kapag mabait tayo sa mga nagagalit sa atin, napapakalma natin sila at baka maging mabait pa nga sila sa atin.

### Ang ginawa at gagawin ni Jesus

Itinuro ni Jesus na hindi solusyon ang karahasan. Pero hindi lang iyan, ginawa rin niya ang ipinangaral niya. Noong gabing aarestuhin siya, isa sa mga tagasunod niya ang lumaban para protektahan siya. Pero sinabi sa kaniya ni Jesus: "Ibalik mo ang espada mo sa lalagyan nito, dahil ang lahat ng gumagamit ng espada ay mamamatay sa espada." (Mateo 26:52) Ipinakita ni Jesus na mahal niya ang mga kaaway niya nang patawarin at ipanalangin niya sila.—Lucas 23:33, 34; 1 Pedro 2:23.

Ipinapangako ng Bibliya na malapit nang wakasan ni Jesus—ang Prinsipe ng Kapayapaan—ang lahat ng karahasan. (Isaias 9:6, 7) Para matuto pa nang higit sa napakagandang kinabukasang ito, basahin ang artikulong

***"Kung Paano Magwawakas ang Digmaan at Kaguluhan."***

*Sumangguni sa* **www.JW.org**

# Gaano kahalaga ang kamatayan ni Jesus para sa sangkatauhan?

## Alalahanin ang Kamatayan ni Jesus
## Huwebes, Abril 02, 2026





Malugod ka naming inaanyayahan sa mahalagang okasyong ito sa isang pahayag na base sa Bibliya na tatalakay sa kahalagahan ng kamatayan ni Jesus at kung paano tayo makikinabang sa ginawa ng Diyos at ni Kristo para sa atin.

Nagsisimula at nagtatapos ang pulong sa isang awit na susundan ng panalangin ng isang ministro ng mga Saksi ni Jehova. Kontakin ang mga Saksi ni Jehova sa inyong lugar para sa mga detalye.


(*sumamgguni sa* ***www.JW.org***)

**ABRIL 2, 2026**

# MEMORYAL NG KAMATAYAN NI JESUS



“Patuloy ninyong gawin ito bilang pag-alaala sa akin.”—Lucas 22:19.




**"What I teach is not mine, but belongs to him who sent me."**

(John 7:16)

*On another occasion, he said: **"I do nothing of my own initiative; but just as the Father taught me, I speak these things."** (John 8:28) Further, he said: **"The things I say to you I do not speak of my own originality, but the Father who remains in union with me is doing his works."** (John 14:10)*

*One way that Jesus proved the truth of such comments was by quoting God's written Word again and again.*



# Makakatulong Ba Talaga ang Sinasabi ng Bibliya?

## Ang sagot ng Bibliya

Oo. (Roma 15:4) Tingnan ang ilang teksto sa Bibliya na nakatulong sa iba na makayanan ang mahihirap na sitwasyon at mga negatibong emosyon.

**Halimbawa ang nangyayring:**

### *Mabigat na problema*

***Awit 23:4:*** "Kahit na lumalakad ako sa napakadilim na lambak, hindi ako natatakot dahil kasama kita."

**Ibig sabihin:** Kung mananalangin ka sa Diyos at magpapagabay sa kaniyang Salita, ang Bibliya, mahaharap mo ang mga problema.

***Filipos 4:13:*** "May lakas akong harapin ang anumang bagay dahil sa kaniya na nagbibigay ng kapangyarihan sa akin."

**Ibig sabihin:** Bibigyan ka ng Diyos ng lakas para makayanan ang mga problema.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya na makayanan ang mga problemang nagtatagal, tingnan ang artikulong "Ang Hamon: Di-mababagong mga Kalagayan."

## *Pagkamatay ng mahal sa buhay*

***Eclesiastes 9:10:*** "Wala nang gawain, pagpaplano, kaalaman, o karunungan sa Libingan."

**Ibig sabihin:** Hindi naghihirap ang mga patay at hindi rin nila tayo masasaktan. Wala na silang alam.

***Gawa 24:15:*** "Bubuhaying muli ng Diyos ang mga [patay]."

**Ibig sabihin:** Kayang buhayin ng Diyos ang mga namatay nating mahal sa buhay.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya na makayanan ang pagkamatay ng mahal sa buhay, tingnan ang artikulong "Pagharap sa Pagdadalamhati—Ang Puwede Mong Gawin."

## *Sobrang pagkakonsensiya*

***Awit 86:5: "***Ikaw, O Jehova, a ay mabuti at handang magpatawad; sagana ang iyong tapat na pag-ibig sa lahat ng tumatawag sa iyo."

**Ibig sabihin:** Pinapatawad ng Diyos ang mga totoong nagsisisi at determinadong hindi na ulitin ang mga pagkakamali nila.

***Awit 103:12:*** "Kung gaano kalayo ang sikatan ng araw sa lubugan ng araw, gayon niya inilalayo sa atin ang mga kasalanan natin."

**Ibig sabihin:** Kapag nagpatawad ang Diyos, hindi na niya ulit inuungkat ang kasalanan natin o ginagamit iyon para parusahan tayo.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya kung sobra kang nakokonsensiya, tingnan ang artikulong "Nakokonsensiya Ako—Matutulungan Ba Ako ng Bibliya?"

## *Kalungkutan*

***Awit 31:7:*** "Nakita mo ang pagdurusa ko; alam mo ang paghihirap ng kalooban ko."

**Ibig sabihin:** Nakikita ng Diyos ang lahat ng pinagdadaanan mo. Naiintindihan niya ang nararamdaman mo—kahit hindi iyon naiintindihan ng iba.

***Awit 34:18:*** "Si Jehova ay malapit sa mga may pusong nasasaktan; inililigtas niya ang mga nasisiraan ng loob."

**Ibig sabihin:** Nangangako ang Diyos na tutulungan ka niya kapag malungkot ka. Papalakasin ka niya para makayanan ang lungkot na nararamdaman mo.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya na madaig ang kalungkutan, panoorin ang video na Madaraig Mo ang Kalungkutan.

## *Pagkakasakit*

***Awit 41:3: "***Aalalayan siya ni Jehova sa banig ng karamdaman."

**Ibig sabihin:** Tutulungan ka ng Diyos na makayanan ang matinding pagkakasakit. Bibigyan ka niya ng kapanatagan ng isip, lakas, kakayahang magtiis, at karunungan para makagawa ng mga tamang desisyon.

***Isaias 33:24:*** "At walang nakatira doon ang magsasabi:

## 'May sakit ako.'

**Ibig sabihin:** Nangangako ang Diyos na sa hinaharap, magkakaroon na ng magandang kalusugan ang lahat ng tao.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya na makayanan ang pagkakasakit, tingnan ang artikulong "Ano ang Puwede Mong Gawin Kapag Bigla Kang Nagkasakit?"

## Stress at pag-aalala

***Awit 94:19:*** "Noong maraming gumugulo sa isip ko, pinayapa mo ang kalooban ko at pinaginhawa mo ako."

**Ibig sabihin:** Kapag nai-stress, matutulungan tayo ng Diyos na maging kalmado kung aasa tayo sa kaniya.

***1 Pedro 5:7: '***Ihagis ninyo sa kaniya ang lahat ng inyong álalahanín, dahil nagmamalasakit siya sa inyo.'

**Ibig sabihin:** Nagmamalasakit sa atin ang Diyos kaya gusto niyang ipanalangin natin sa kaniya ang mga problema natin.

Para malaman kung paano ka matutulungan ng Bibliya na harapin ang stress at pag-aalala, tingnan ang artikulong **"Kung Paano Mahaharap ang Stress."**

## Digmaan

***Awit 46:9:*** "Pinatitigil niya ang mga digmaan sa buong lupa."

**Ibig sabihin:** Malapit nang tapusin ng Kaharian ng Diyos ang lahat ng digmaan.

***Awit 37:11, 29:*** "Ang maaamo ang magmamay-ari ng lupa, at mag-uumapaw ang kanilang kaligayahan dahil sa lubos na kapayapaan. . . . Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."

**Ibig sabihin:** Magiging masaya ang mabubuting tao dahil magiging payapa na sa buong lupa magpakailanman.

Para malaman kung bakit masasabing malapit na ang Kaharian ng Diyos, tingnan ang artikulong "Kailan Mamamahala sa Lupa ang Kaharian ng Diyos?"

## Masyadong pag-iisíp sa mga mangyayari sa hinaharap

***Jeremias 29:11:*** "'Alam na alam ko ang gusto kong gawin para sa inyo,' ang sabi ni Jehova. 'Bibigyan ko kayo ng kapayapaan, at hindi ng kapahamakan, para magkaroon kayo ng magandang kinabukasan at pag-asa.'"

**Ibig sabihin:** Tinitiyak sa atin ng Diyos na magkakaroon tayo ng magandang kinabukasan.

***Apocalipsis 21:4:*** "Papahirin niya ang bawat luha sa mga mata nila, at mawawala na ang kamatayan, pati ang pagdadalamhati at ang pag-iyak at ang kirot. Ang dating mga bagay ay lumipas na."

**Ibig sabihin:** Nangangako ang Diyos na aalisin niya ang lahat ng masasamang bagay na nakikita at nararanasan natin ngayon.

# Isang trono ang inalis… ngunit hindi magpakailanman.

Ang Jerusalem ay minsang naging sentro ng pamamahala ng Diyos sa lupa. Ang mga hari mula sa linya ni David ay namuno bilang mga kinatawan ni Jehova. — 1 Cronica 29:23

Ngunit may nangyaring mali…

Dahil sa kawalangkatapatan, pinayagan ng Diyos na masira ang Jerusalem. Nawalan ng korona ang huling hari, at ibinigay ang isang makapangyarihang utos:

"Alisin ang korona… hindi ito mapupunta sa sinuman hanggang sa dumating ang may legal na karapatan." — Ezekiel 21:26–27

Kaya, sino ang tunay na Hari?

Siglo ang lumipas bago dumating ang kasagutan.

May hula na magsisilang ang isang bata na mamumuno magpakailanman. — Isaias 9:6–7

Kinumpirma ito ng isang anghel:

"Bibigyan siya ng Diyos ng trono ni David."
— Lucas 1:32

**Ang Haring iyon ay si Jesucristo.**

Ngayon, siya ay namumuno—hindi sa lupa, kundi sa langit.

"Ang Aking Kaharian ay hindi bahagi ng mundong ito." — Juan 18:36

Iyon ang paliwanag kung bakit nararamdaman ng mundo na napakasira:

"Ang buong mundo ay nasa kapangyarihan ng masama." — 1 Juan 5:19

Ngunit narito ang pag-asa… Ang Kaharian ng Diyos ay malapit nang kumilos.

Hindi magtatagal, aalisin nito ang lahat ng pagdurusa at magdadala ng tunay na kapayapaan sa lupa. — Pahayag 21:3–4

Iyan ang dahilan kung bakit napakahalaga ng panalanging ito ngayon higit kailanman: "Sumapit nawa ang iyong Kaharian." — Mateo 6:10

Tinanggal na ang korona… Ang Hari ay naluklok na… At ang Kaharian ay malapit nang kumilos.



## Sino si Jesu-Kristo?

Di-gaya ng sinumang tao, si Jesus ay nabuhay sa langit bilang isang espiritu bago siya isinilang sa lupa. (Juan 8:23) Siya ang unang nilalang ng Diyos. Tumulong siya sa paglalang ng lahat ng iba pang bagay. Siya lamang ang tuwirang nilalang ni Jehova kaya siya ay tinatawag na "bugtong" na Anak ng Diyos. Nagsilbi ring Tagapagsalita ng Diyos si Jesus, kaya tinatawag din siyang "ang Salita."—Juan 1:1-3, 14; basahin ang Kawikaan 8:22, 23, 30; Colosas 1:15, 16.

## Bakit Namatay si Jesus?

Ang sagot ng Bibliya Namatay si Jesus upang mapatawad ang mga kasalanan ng mga tao at magkaroon sila ng buhay na walang hanggan. (Roma 6:23; Efeso 1:7) Pinatunayan din ng kamatayan ni Jesus na maaaring manatiling tapat sa Diyos ang isang tao kahit sa harap ng pinakamatinding pagsubok.—Hebreo 4:15.

## Paano Nakapagliligtas si Jesus?

Ang sagot ng Bibliya Iniligtas ni Jesus ang tapat na mga tao nang ibigay niya ang kaniyang buhay bilang haing pantubos. (Mateo 20:28) Kaya sa Bibliya, tinatawag si Jesus na "Tagapagligtas ng sanlibutan." (1 Juan 4:14) Sinasabi pa nito: "Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao na siya nating dapat ikaligtas."—Gawa 4:12.




# Totoo Bang Nabuhay si Jesus?

May matibay na basehan ang mga iskolar para maniwalang nabuhay si Jesus. Tungkol sa pagtukoy ng mga istoryador noong una at ikalawang siglo kay Jesus at sa mga unang Kristiyano, ganito ang sabi ng Edisyong 2002 ng Encyclopædia Britannica: "Pinatunayan ng magkakaibang ulat na ito na noong sinaunang panahon, maging ang mga kaaway ng Kristiyanismo ay hindi kailanman nag-alinlangan na umiral si Jesus." Ayon pa sa reperensiyang iyon, pinagtalunan lang ito noong magtatapos ang ika-18 siglo hanggang sa pasimula ng ika-20 siglo, pero wala naman silang matibay na saligan.



## Kailan Isinulat ang mga Ulat Tungkol kay Jesus?

Ang sagot ng Bibliya Tungkol sa ulat ni apostol Juan sa buhay ni Jesus, isinulat niya: "Siya na nakakita nito ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo ay tunay, at alam ng taong iyon na nagsasabi siya ng mga bagay na totoo, upang maniwala rin kayo."—Juan 19:35.



# Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"

## KAGANDAHAN NG KALIKASAN






P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***